



Enero 2023

# PRAYMER

## Marcos-Duterte 2023: Patong-patong na Problema

**H**indi *drug war*, kontra-korapsyon, demokrasya o demokratikong paggogobyerno ang ginawang tema ng bagong administrasyong Marcos Jr. Ekonomiya ang pinili nito. Laman ng kaniyang *inaugural speech*, unang SONA at maski ng kaniyang mga talumpati sa mga biyahe ang kalagayan ng ekonomiya na prayoridad diumano ng kaniyang administrasyon. Maagap ding binuo ni Bongbong Marcos ang kaniyang *economic team*, ang *economic managers* na *recycled* mula sa iba't ibang administrasyon. Ipinagmalaki niya ang diumano'y kahusayan ng mga ito. Ipinangalandakan na rin ang walang-pruwebang diploma ng pangulo sa ekonomiks.

Naisip marahil ng kampo ni Marcos Jr na isang ligtas na tema ang ekonomiya. Hindi na nga naman pag-uusapan ang mga atraso ng pamilyang Marcos sa karapatang tao at sa kaban ng bayan. Hindi na rin masyadong pagtutuunan ng pansin ang pangangailangang mabantayan ng mamamayan ang anumang pag-abuso sa kapangyarihan, lagpas pitong buwan mula nang matapos ang hindi kapani-paniwalang eleksyon.

Pero dito nagkakamali ang rehimeng Marcos Jr. Matindi ang krisis pang-ekonomiya ng bansa, at sa madaling panahon ay mabubunyang lamang ang kawalan ng alam at pakialam ni Marcos Jr. Madaling mabuko ang pagpapanggap ng mabuway na administrasyon, laluna at ang itinalaga nitong

114 Timog Avenue,  
Quezon City,  
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61

Fax +63 2 8929 2496

[www.ibon.org](http://www.ibon.org)

economic team ay mga panatiko ng neoliberalismo na nagpalala sa kalagayan ng ekonomiya ng Pilipinas. Sa madaling salita, walang bagong direksyon ang ekonomiya sa ilalim ni Bongbong Marcos, at ito ang yayanig sa kaniyang walang-tibay na pamamahala.

Ito na nga ang natutunghayan ng taumbayan sa unang kalahating taon pa lamang ng pagkakaupo ni Marcos Jr. Pinakamalalang pagtaas sa presyo ng mga batayang bilihin, kakulangan at kawalan ng trabaho, mababang kita at kawalan ng ipon ng mga pamilyang Pilipino, at lalo pang pagkipot ng serbisyo at proteksyong panlipunan – isang walang katumbas na krisis sa pamumuhay ang sumambulat sa administrasyong Marcos-Duterte. Walang panama ang todo pilit na platapormang *unity* ng mga ito, na isang mabuway na pagkakaisang tila kumunoy.

Sa una, sabi ng mga tagasuporta ni Bongbong, huwag niyo namang isisi sa kaniya ang mga ito at kauupo lang niya. Pero ipinamalas naman agad ng nagkukunwaring maalam na presidente na wala naman itong dramatikong gagawin sa harap ng rumaragasang krisis, bagkus madalas pa niyang sabihing wala tayong magagawa. Sa katunayan, maituturo ang paglala ng krisis sa ngayon sa kawalang-aksyon ng kasalukuyang gobyerno.

Ihinabol ng economic team ang paglalabas ng Philippine Development Plan (PDP) 2023-2028 sa huling araw ng 2022, bago pa man mapanis ang ipinangakong “*comprehensive all-inclusive plan for economic transformation*” sa inaugural speech ng pangulo. Pero katulad ng inaasahan, na masasalamatin mismo sa pagiging recycled ng economic team, ay walang bago sa PDP. Nananatili itong nakabalangkas sa bangkaroteng mga patakarang neoliberal, at nakaangkla sa interes ng dayuhang pamumuhunan at pribadong tubo. Nakapiring pa rin ang mga mata nito sa mga istruktural na problema ng ekonomiya at nananatiling nakasasama sa masahol nang kalagayan ng mayorya.

Magiging malupit ang taong 2023 para sa ekonomiya at mamamayan, kabaligtaran ng pagpapanggap ng rehimeng Marcos Jr na papunta pa lang ang bansa sa pinakamaningning nitong yugto. Lalo lang titingkad na wala sa esensya ng pamumuno ng anak ng diktador ang manindigan o mamagitan man lang para sa kapakanan ng nakararami.

# 1 Ano-ano ang mga tampok na kaguluhan sa ekonomiya na kasalukuyang kinakaharap ng taumbayan?

“*The best is yet to come*,” ang sabi ng economic team sa pagtatapos ng 2022. Nangangako rin ng limpak-limpak na pamumuhunan si Marcos Jr. mula sa kaniyang mahigit buwan-buwan na pagbiyahe. Inaalihw tayo ng presidente sa kaniyang mga *vlog*, na para bang ang saya-saya lang ng ating kalagayan. Buhos ang pagsisikap ng administrasyon na maitago at mapagtakpan ang paglala ng krisis sa ekonomiya. Pero nabibigo ito – patong-patong ang mga kaguluhang totoo nating nararanasan.

Nagtaasan ang presyo ng mga pagkain at produktong agrikultural sa walang-katulad na antas – asukal, itlog, tinapay, mantika, mga gulay, at ang dramatikong ginintuang sibuyas na nagmahal nang pitong beses. Tumampok ang kabalintunaan na inupuan pa ni Bongbong Marcos ang Department of Agriculture (DA) bilang kalihim para tuparin daw ang pangarap nitong seguridad sa pagkain, samantalang hindi naman niya maipaliwanag kung ano nga ba ang nangyayari. At dahil walang paliwanag, wala ring solusyon o interbensyon ang kalihim/pangulo sa tuloy-tuloy na pagmahal ng mga bilihan.

Umabot sa 8.1% ang implasyon noong Disyembre, pinakamataas sa loob ng 14 na taon at pinakamataas sa Timog-Silangang Asya. Lumampas ang taunang *average* na 5.8% noong 2022 sa 5.5% na unang tanyang ng mga economic manager. Babagal naman daw ito sa 2023 sa tanyang 2.5-4.5% implasyon. Pero kahit pa siguro abutin ang panggignang 3.5%, mas mataas pa rin ito sa taunang *average* na 3% sa nakaraang dekada ng 2010-2019. At kailanman, hindi ibig sabihin nito na magmumura o babalik sa dating presyo ang mga bilihan. (*At habang tinatapos ang praymer na ito ngayong Enero ay tumaas pa lalo ang implasyon sa 8.7 porsyento.*)

Bukod sa pagkain, tumaas din ang presyo ng transportasyon, produktong petrolyo, tubig, kuryente, gas, LPG, at gastusin sa bahay. Pati ang mga serbisyong pampinansya katulad ng pagbabangko, *insurance*, *pawnshops*, *remittance centers*, *electronic wallets*, nagpapatang at iba pa. Mataas din ang implasyon sa *restaurant and accommodation services* na may pinakamalaking paglago sa ekonomiya nitong 2022.

Lalong humina ang kakayahang bumili ng mga manggagawa. Dumaos nang 15.4% ang tunay na halaga ng Php570 minimum na sahod sa National Capital Region (NCR) kunsaan ito pinakamataas, sa Php482 na lamang ngayong Enero 2023.

Presyo lang ng paggawa ang hindi tumataas. Kapansin-pansin sa buong panahon ng dating gobyernong Duterte na sa unang pagkakataon sa kasaysayan ay bumaba pa nga ang tunay na halaga ng sahod sa NCR nang 5.6%, mula Php538 noong Hunyo 2016 tungong Php508 noong Hunyo 2022. Ibig sabihin lamang nito ay naging matumal at kakarampot ang ibinigay na umento sa mga manggagawa sa loob ng anim na taon ng krisis sa bansa, kabilang ang halos tatlong taon ng pandemya.

Mula nang umupo sa puwesto si Marcos Jr, tuloy-tuloy pa ring bumababa ang tunay na halaga ng sahod sa NCR, nang 3.7% mula Php508 noong Hunyo tungong Php489 sa dulo ng 2022. Ibig sabihin, walang ginagawa ang administrasyong Marcos Jr kahit pa humahagupit ang pinakamalupit na implasyon sa masang anakpawis at umuugong ang kanilang kahilingang itaas ang sahod.

Sa tantya ng IBON, mangangailangan sa kasalukuyan ang isang pamilya na may limang miyembro sa NCR ng Php1,161 bilang nakabubuhay na sahod o *family living wage* (FLW). Wala pa sa kalahati ang nominal na sahod na Php570. Di-hamak na mas malala ang agwat ng FLW at nominal na sahod sa BARMM (82.5% ang layo), Region IX (71.5% ang layo), at Region XII (67.5%).

Ganito ang kalagayan ng mga sahurang sa mga pormal na empresa, pero paano yaong mga sahurang sa di-pormal na empresa, mga nasa sambahayan, mga nasa 'diskarteng' trabaho, o mga walang trabaho? Sila ang bumubuo sa mayorya ng Pilipinas.

Malawakan ang kakulangan ng trabaho sa bansa, at pinagtatakpan ang krisis na ito ng disimpormasyon ng mga economic manager. Sabi nila kamakailan na matatag daw ang sektor ng paggawa sa bansa. Pero marahil tinutukoy lang nila ang mga di-pirmihang trabaho dahil ang totoo, sa bawat sampung trabahong nalilikha ngayon ay wala ang *part-time* na hanapbuhay lamang. Sa bawat 100 manggagawang sinasabing may trabaho, 74 ang nasa mga di-pormal na

trabaho, katulad ng mga unpaid *family worker* sa bukirin o maliliit na negosyo ng pamilya, *self-employed*, at mga kasambahay.

Sa pangkalahatan, mula taong 2001 ay pakaunti nang pakaunti ang taunang bilang ng nalilikhang trabaho ng ekonomiya – mula 902,000 average kada taon sa ilalim ng administrasyong Arroyo, tungong 313,000 average sa ilalim ng administrasyong Duterte. Numero uno ang bansa sa Timog-Silangang Asya pagdating sa kawalan ng trabaho.

Nanunuot tuloy ang kakaibang kahirapan sa bansa, na piliit ding itinatangi ng gobyerno. Tumaas ang opisyal na bilang ng mahirap noong 2021 – 3.5 milyong pamilya (13.2% ng kabuuan) o 20 milyong populasyon (18.1% ng kabuuan). Pero batay ito sa napakababang pamantayan na Php79 kada araw. Sa huling SWS *survey*, 20.7 milyong pamilya o 82% ng kabuuang bilang ang itinuturing ang sarili na mahirap o nasa bingit o *borderline* ng kahirapan. Pang-apat ang bansa sa Timog-Silangang Asya na may pinakamalalang kahirapan (sa lagay na mababa pa nga ang opisyal na pamantayan nito), at pumapangalawa naman sa kagutuman.

Napakatindi rin ng di-pagkakapantay-pantay ng yaman at kita sa bansa. Ang *median wealth* o panggitnang yaman ng mga pamilya ay Php140,000. Ibig sabihin, agad-agad na masasabi nating kalahati ng mga pamilyang Pilipino ang walang ganiyang yaman. Habang 0.1% sa kabuuang bilang ng mga pamilya ang may kitang Php350,000 hanggang Php10 milyon kada buwan, mahigit 60% sa atin ay nagkakasya lamang sa Php22,000 o mas mababang kita kada buwan. Katumbas ng netong kita ng 50 pinakamayayamang tao sa bansa ang netong kita ng 60 hanggang 70 milyong Pilipino. Noong 2021, tumaas pa nga ang netong kita ng 10 pinakamayayamang tao sa bansa, habang bumabagsak ang tunay na halaga ng sahod. Ayon sa World Bank, sa mahigit 100 na bansa sa mundo, naganap sa Pilipinas ang pinakamalaking pagtaas ng di-pagkakapantay-pantay.

Walang pagkilala sa problema sa kita, sahod at trabaho ang administrasyong Marcos Jr. Wala ring balak gawing makatotohanan ang panggastos sa pamumuhay, maging sa pagkontrol ng presyo ng bilihin, at lalong walang pakialam ito sa pagbibigay ng ayuda sa pinakamahihirap. Binawasan ang *budget* para sa ayuda, mula Php233.7 bilyon para sa pandemya noong 2020,

tungong Php9.7 bilyon noong 2022 at Php510 milyon na lamang para sa 2023. Binawasan din ang regular na ayuda at maski ang 4Ps na pinagmamalaking panagot daw sa kahirapan.

Bawas din ang budget para sa mga suporta sa mga lokal na pamahalaan at mga prodyuser. Samantala, maliit lang ang idinagdag sa panlipunang serbisyo, habang may Php338.3 bilyon naman na pagtaas para sa *debt service* o pambayad-utang. Ang budget para sa militarismo ay mataas pa sa budget para sa kalusugan, paggawa, agrikultura, at panlipunang kagalingan o *social welfare*.

Ang totoo, sa kabila ng mga patong-patong na problema, paghihigpit ng sinturon ang patakaran ng rehimeng Marcos Jr. Lumaki ang budget ngayong 2023 nang 4.9% lamang – wala pa sa kalahati ng taunang average na paglaki na 10.4% sa dalawang dekada at pinakamaliit na dagdag mula 2003. Parang hindi tayo nagmula sa mga di-pinag-isipang *lockdown*. Parang hindi tayo kumakaharap ng marami pang paparating na delubyo. Sa halip, pumapasok tayo ngayong 2023 sa mahaba-habang panahon ng *austerity* o pagpapanipis ng panlipunang serbisyo at pagpapalaki ng pagbubuwis sa konsumo ng mahirap at panggitnang uri.

Lumobo ang utang ng gobyerno sa Php13.4 trilyon nitong Disyembre 2022, at tinatayang aabot ito sa Php14.6 trilyon sa pagtatapos ng 2023. Aabot ng Php2 trilyon ang kabuuang pangungutang ng pamahalaan ngayong taon, pero Php1.6 trilyon naman ang pambayad-utang. Bukod sa pangungutang para lang may pambayad-utang, pinagkakagastusan din ng gobyerno ang hitik-sa-kurakot na mga proyektong imprastruktura. Ang kabalintunaan sa usaping ito ay kakarampot ang alokasyon para sa panlipunang serbisyo at pagharap sa mga naging epekto ng pandemya. Higit sa lahat, ang mahirap na mayorya ang papasan sa utang sa pamamagitan ng dagdag-buwis na ipinanukala ng administrasyong Marcos Jr pagkaupong-pagkaupo nito.

Buong pagmamalaking iniulat ng National Economic and Development Authority (NEDA) ang tantos ng paglago ng ekonomiya noong 2022 na umabot ng 7.6% mula 5.7% noong 2021. Solidong pagbuwelta (*rebound*) raw ito ng ekonomiya kasabay nga ng binabanggit na matatag na paggawa. Mas maraming manggagawa raw ang nakahanap ng *full-time* at istableng trabaho at kaiga-igayang sweldo. Nagbubulid ng kasinungalingan ang rehimeng Marcos

Jr, gayong part-time at di-pormal ang kalakhan ng nalilikhang trabaho, at busabos pa rin ang antas ng pasahod.

Sa totoo lang, ang antas ng ekonomiya ngayon ay parehas lang sa antas nito noong 2019. Ibig sabihin, tatlong taon bago nabawi ang pag-urong nito dahil sa walang kapararakang lockdown. Samakatuwid, nagmumula ang ipinagbubunying paglago sa napakababang paghahambing, kaya rebound ang nangyayari at hindi naman totoong pagrekober, lalong hindi ito matatawag na pag-unlad.

Hindi rin masasabing *momentum* ito tungo sa tuloy-tuloy nang paglago, dahil ang pinagmumulan nito ay ang paggastos sa pagbiyahe, restaurant and accommodation services, hotel, resort, turismo, mobilidad, at pagbabalik sa *face-to-face* ng mga klase. Tinatawag itong “*revenge spending*” ng NEDA, mula diumano sa pagkakahigpit sa lockdown, laluna daw ng panggitnang uri o yaong mga may paggastos. Ang totoo, pabagal nang pabagal ang konsumo ng mga sambahayan sa apat na kwarto ng 2022, maski pa sa sinasabing panunumbalik ng masiglang kapaskuhan sa dulo ng taon. Ang hindi binabanggit ng economic managers, pinakamabagal ang paglago ng ekonomiya sa pang-apat na kwarto ng taon, na nangangahulugang napapagal na ang ekonomiya.

Samantala, sisinghap-singhap ang agrikultura (0.5% na paglago) at bumagal ang manupaktura (mula 8.8% noong 2021 tungong 5.0% noong 2022) at industriya (mula 8.5% noong 2021 tungong 6.7%). Sa mga sektor na ito sana makukuha ang sinasabing momentum, pero nananatiling maliit ang bahagi ng mga ito sa pangkalahatang ekonomiya at kapos ang pag-usad.

## **2 Bakit hindi kasagutan sa ating mga problema at krisis ang inianunsyong plano ng gobyerno?**

Inilatag ng administrasyong Bongbong Marcos ang PDP 2023-2028 bilang plano nito sa pag-unlad. Mapangahas itong nangangako ng transpormasyon sa ekonomiya at lipunan. Maunlad at inklusibong lipunan ang *vision* ng PDP, na matibay at madaling makabangon mula sa anumang pagsubok.

Pero hindi tinapatan ang kapangahasang ito ng isang komprehensibong plano. Nananatili sa laos na neoliberal na balangkas ang PDP – na iniaasa ang pag-unlad ng bansa sa pagtuon sa pandaigdigang ekonomiya, sa liberalisasyon ng kalakalan at dayuhang pamumuhunan, at sa pagbawas ng papel at kontrol ng estado sa pamamahala ng ekonomiya.

Ni wala itong mga planong hakbang sa mga kagyat nating problema, katulad ng kawalan ng nakabubuhay na sahod; buwis sa konsumo na lalong nagpapamahal sa mga batayang bilihin; walang-habas at tuloy-tuloy na implasyon; pagsasamantala ng mga panginoong maylupa at mangangalakal sa pagpapababa ng kita sa kanayunan; at mababang prayoridad sa panlipunang serbisyo at proteksyon. Lalong hindi maaasahan ang PDP sa pagharap sa mga pundamental na suliranin ng bansa, katulad ng dominasyon ng mga dayuhang kapitalista at gobyerno, pamamayagpag ng komprador-burgesya, monopolyo ng lupa at rekurso, at pagpapatakbo ng gobyerno na parang negosyo.

Sa halip, nananatili sa ilusyon ang administrasyong Marcos Jr. na uunlad ang bansa sa pamamagitan ng pag-akit ng dayuhang pamumuhunan (*foreign direct investment* o FDI) at pagtuon ng produksyon para sa *exports*. Taong 2023 na, pero tila 1980s pa rin ang tono ng gobyernong Marcos Jr. sa paniniwalang makakamit ang pag-unlad gamit ang “malayang pamilihan at globalisasyon” na makailang beses nang napabulaanan sa iba’t ibang yugto ng krisis ng daigdig.

Singkopado ang PDP, at kontra-agos ito sa panahon. Kung kailan nagsasara na ang ilang mga bansa o mas kumikiling sa proteksyonismo, at kung kailan bumabagsak ang pandaigdigang kalakalan at pamumuhunan mula pa noong krisis pinansyal ng 2008, ay saka naman ipinagpipilitan pa rin ng mga economic manager na liberalisasyon ang daan tungong pag-unlad. Mas dumadami ang mga batas sa iba’t ibang bansa na nagpapataw ng restriksyon at higit na regulasyon sa FDI, kaysa ang mga batas na walang habas na nagbubukas para rito. Tumitindi ang panibagong interbensyon ng mga estado. Pero ipinagpipilitan pa rin ng pamahalaang Marcos Jr. na ang FDI ay *magic bullet* para sa pag-unlad ng ekonomiyang matagal nang may sakit.

Pumapasok sa resesyon ang malalaking ekonomiya ng mundo – ang US, European Union, China at Japan. Ang mga ekonomiyang ito ang mayor na pamilihan ng mga produktong export ng Pilipinas, mayor na namumuhunan



sa bansa, at mayor na pinagmumulan ng *remittances* ng *overseas Filipino workers* o OFWs. Anupaman ang magiging takbo ng resesyong ito sa mga pandaigdigang sentro ng kapitalismo, ay hindi lang kontra-agos kundi isa nang kabaliwan ang pagsandig ng PDP sa pandaigdigang ekonomiya upang umunlad ang bansa.

Nakatuntong ang PDP sa paniniwalang kapag mas bukas ang ekonomiya ay mas malaki ang papasok na FDI. Kumbaga sa larong sugal, kapag mas marami ang FDI ay mas maraming tsansang manalo. Ang masaklap, hindi rin naman totoo na kapag mas bukas ang isang bansa sa FDI ay mas marami nga ang papasok dito na pamumuhunan. Marami pang ibang salik ang isinasaalang-alang ng namumuhunan. Halimbawa, mas sarado raw ang Pilipinas kaysa Myanmar at Peru, pero lumalabas na mas marami o halos pareho lang ang naaakit na FDI ng mga bansang ito kompara sa atin.

Ang masaklap sa lahat, mali ang paniniwalang garantiya sa pag-unlad ang mas maraming FDI. Ang antas ng FDI sa Pilipinas ngayon ay lampas pa sa antas ng FDI sa South Korea, Taiwan at China sa rurok ng pagsulong ng kanilang mga ekonomiya noong 1980s. Pero nasaan ang Pilipinas ngayon? Isa ito sa mga kulelat na bansa sa rehiyon. Matarik o mabilis ang pagtaas ng FDI sa Pilipinas sa nakaraang dekada, pero napakatarik din ang pagdausdos ng bansa sa kawalan ng trabaho at kahirapan.

Ganunpaman, nananatiling naka-*tapaojo* ang gobyernong Marcos Jr. Sa sobrang pagkahumaling nito sa neoliberalismo, hindi nito nakikita (o sadyang ayaw nitong tingnan) na tumungo ang pagkahumaling na ito sa matagalang pagnipis ng mga produktibong sektor. Pinakamaliit na ang bahagi ng manupaktura sa ekonomiya mula noong 1950, at ng agrikultura sa buong kasaysayan. Pinakamaliit na rin sa kasaysayan ang kaniya-kaniyang bahagi ng agrikultura at manupaktura sa empleyo. Ito ang ugat ng pananatiling atrasado ng ekonomiya, ang nanunuot na krisis sa trabaho, at ang kakaibang antas ng kahirapan.

Oo nga at lumaki ang bahagi ng exports sa *gross domestic product* (GDP) mula 1980s, at anim na beses na lumaki ang pumapasok na FDI sa bansa. Pero mula 1980s din ay tuloy-tuloy na lumiit ang bahagi ng lokal na produksyon, naging kroniko at lumala ang depisito sa kalakalan,

at mas sumandig ang gobyerno sa importasyon, paghahanap ng dolyar at pangungutang para tustusan ang mga pwersa ng pamilihan na hinayaang maging desidido sa ekonomiya. Sa kalaunan, malinaw na ang binabanggit na pwersa ng pamilihan ay yaong mga dayuhang kapitalista at lokal na oligarkiya sa ekonomiya na silang may hawak at kontrol sa rekurso at yaman ng bansa.

Hindi sagot ang PDP sa ating krisis. Wala itong balak palakasin ang lokal na agrikultura at manupaktura. Wala itong planong repormang agraryo at pagtatatag ng solidong lokal na industriya. Wala itong planong industriyalisasyon. Lalong wala itong balangkas ng sustenableng paggamit at pamamahala ng kapaligiran para sa pag-unlad ng ekonomiya. Wala itong plano sa redistribusyon ng kita at yaman, maging sa pagtiyak ng nakabubuhay na sahod at kita sa masang anakpawis o maski sa pagbibigay ng mataas na prayoridad sa serbisyo at proteksyong panlipunan.

Sa katunayan, hindi kinikilala ng PDP na may mahalagang papel ang isang mahusay, responsable at demokratikong estado sa pagkakamit ng tunay na pag-unlad. At lalong hindi si Bongbong Marcos ang tipo ng presidente na maaasahang mamumuno para resolbahin ang ating krisis.

### **3 Ano ang kalagayan ng politika sa ilalim ng pamumuno ni Bongbong Marcos? Ano ang klase ng kaniyang pagkapangulo?**

Galing tayo sa napakadilim na bahagi ng kasaysayan – ang paglala ng krisis pangkabuhayan, paglaki ng agwat ng mayayamang oligarko sa mahirap na mayorya, panunupil, at awtoritaryanismo sa ilalim ni Rodrigo Duterte. Higit na pinatampok ito ng palpak at magaspang na pamamahala ng pandemya. Sa pagkakahalal ng isang Marcos at ng isang Duterte, hindi nagbigay ang eleksyong 2022 ng siwang ng liwanag sa ating kalagayan.

Ang naging maliwanag lang ay ang layunin ng dalawa: sa bahagi ng mga Marcos, ang malinis ang kanilang pangalan, mabawi at mapalaki pa ang nakaw na yaman at manatili sa poder sa mahabang panahon; sa bahagi ng mga Duterte, ang mapawalang-sala at malinis ang pangalan ng ama sa mga kriminalidad, paglabag sa karapatang pantao at korapsyon, mamantini

ang hawak sa yaman at pabor ng mga oligarko, at syempre mabingwit sa kalaunan ang pinakamataas na posisyon sa poder. Maliwanag na huwad ang temang unity ng dalawa – magkaiba, at magkatunggali pa nga, ang kanilang mga ambisyon.

Mangangailangan kung ganon ng malakas na pagkapangulo para mapahupa ang ganitong kaganit na pag-aagawan sa mga samsam, pabor at posisyon ng kapangyarihan. Pero lumalabas na mahina at malamya ang pagkapangulo ni Bongbong Marcos. Hindi lang natin ito nasasaksihan sa kawalang alam at pakialam ng pangulo sa krisis pang-ekonomiya (gayong ito ang pinili niyang tema), kundi mismo sa kung paano niya hinaharap ang lumalalang krisis pampolitika. Ni wala ngang matatawag na kultura ng pagtrabaho ang laki sa layaw at anak-mayaman. Paano pa sa pagiging pangulo ng bansang lugmok sa krisis?

Sa bulok na politika ng Pilipinas, pangunahing adyenda ng bagong presidente ang inyutralisa ang mga paksyon ng naghaharing uri nang sa gayon ay magkaroon ng pampolitikang konsolidasyon. Hindi ito para mas mahusay na magampanan ang paggogobyerno, kundi para maseguro ang hatian o alokasyon ng mga pabor sa ekonomiya at kaban ng bayan. Pitong buwan na ang nakalilipas, wala pa ring naipamamalas na pampolitikang konsolidasyon. Hindi ito napagtakpan ng kunwang umaatikabong pagkapanalo sa eleksyon.

Kapansin-pansing hanggang ngayon ay wala pa ring kompletong mga kumpirmadong miyembro ng Gabinete ng Ehekutibo, samantalang 2-3 araw pa lang makatapos ng pinakamabilis na bilangan sa eleksyon sa kasaysayan ay kumakalat na ang diumano'y listahan ni Bongbong Marcos. Wala pang 100 araw ang presidente, apat na pagbibitiw sa pwesto na ang natanggap nito. Bukod sa tampok na maka-neoliberalismo ang mga nahirang ng pangulo, sa partikular ang mga economic manager, mapupuna ring ilan ay bataan ng mga oligarko. Halimbawa, ang kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH) na si Manny Bonoan ay dating nasa San Miguel Corporation (SMC) Tollways ni Ramon Ang. Ang kalihim ng Department of Energy (DOE) na si Raphael Lotilla ay dating nasa Aboitiz Power Corporation ng pamilyang Aboitiz.

Kapansin-pansin ding tinitiyak ng kampo ni Marcos Jr. na katanggap-tanggap ang mga hinirang sa iba pang kampo, halimbawa ng mga dating pangulong Gloria Arroyo at Rodrigo Duterte, iba pa ang kay Sara Duterte, at hiwalay pa ang kampo ng ilang mga kamag-anak mismo ng pangulo. Naobserbahan ng ilan halimbawa na ang paghirang ni Bongbong Marcos sa sarili bilang pansamantalang kalihim ng DA ay para lang iwasan ang magaganit na pagnanais ng iba-ibang kampong ito na hawakan ang kagawaran.

Maingat na walang madedehado, at maingat na walang sasama ang loob sa hanay ng naghaharing uri. Hindi tulad ni Duterte noon sa unang mga buwan sa pagkapangulo na harapang tumira sa ilang oligarko, bagamat bilang dagdag na presyur lang naman sa pagsentro ng mga pabor. Disimulado ang napiling estilo ng pagkapangulo ni Bongbong Marcos – dumidistansya sa imaheng garapal at malakas ang dating nang hindi maituon ang pansin ng publiko sa kagahamanan ng kaniyang pamilya at kasapakat.

Ganunpaman, lumalalim at tumitindi lang ang mga kontradiksyon sa mga pangkatin at alyadong dinastiya sa politika sa ilalim ng pamumuno ni Marcos Jr. Sumisingaw ito sa namamalas na gitgitan at tumitinding diskontento sa hanay ng mga heneral at sa militar sa kabuuan. Sa pagsusumikap na mapahupa ito, nirigodon ni Bongbong Marcos ang militar, kapulisan at mismong kagawaran ng depensa, tinanggal ang mga opisyal na siya rin naman ang nagtalaga, at ibinalik ang mga heneral na dati nang nanungkulan sa panahon ni Duterte.

Kontrobersyal ang pagbibitiw ni Gen. Jose Faustino Jr bilang OIC ng Department of National Defense (DND) noong napag-alaman niya sa balita lamang na ibinalik si Gen. Andres Centino bilang hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP) para palitan si Lt. Gen. Bartolome Bacarro na una nang hinirang ni Marcos Jr. Nagsunuran ang ilan pang opisyal ng DND sa pagbibitiw. Ipinalit bilang kalihim ng DND si Gen. Carlito Galvez Jr, dating *presidential adviser on the peace process* at *czar* kuno sa pagresponde sa pandemya noong panahon ni Duterte. Inalis din si Prof. Clarita Carlos bilang National Security Adviser (NSA), matapos manawagan ang propesor na bawasan ang budget ng NTF-ELCAC. Ipinalit si Gen. Eduardo Año bilang NSA, na isa ring sagadsaring militaristang heneral ni Duterte.

Dahil sa alingasngas ng destabilisasyon, itinaas ang *alert* sa Philippine National Police (PNP) at hiningi ang mahigit 800 *courtesy resignations* ng mga heneral at koronel. Ito ay habang naggigirian sa posisyon ang mga heneral sa AFP. Sa kalaunan, sa punto de bista ng mamamayan, ang pagmumulan lang naman ng sinasabing destabilisasyon ay ang katotohanan na ang mga heneral ni Duterte ang nananaig sa kapangyarihan, habang ang laro ni Bongbong Marcos ay bigyang lugod ang lahat.

Maliwanag din ang lubusang pagsandig ng administrasyong Marcos Jr. sa US. Nakatuntong ito sa sinimulan ni Duterte na pagpapatibay ng katapatan sa US bago pa man magpandemya. Noong 2018, sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ng dalawang bansa, nagtalaga ng limang *agreed locations* sa bansa kung saan magtatayo ng baseng pasilidad ang US para sa mga operasyong militar nito. Noong 2019, may pasinaya pang ginanap para sa dalawang *agreed locations*. Noong Agosto 2021, ipinagtibay naman ni Duterte ang Visiting Forces Agreement (VFA) sa US matapos ang bantang ikakansela ni Duterte noong Pebrero 2020. Narating ang desisyon matapos ang pagbisita ni US Defense Secretary Lloyd Austin noong Hulyo 2021. Maliwanag na sa kabila ng astring pumipihit sa China si Duterte, patuloy pa rin itong nangamuhan sa Amerika.

Hindi nag-atubili ang gobyernong Marcos Jr. na muling pagtibayin ang katapatang ito. Isa itong pinag-isipang maniobra. Iika-ika ang ekonomiya ng China sa pagharap sa epekto ng COVID-19 at sa lumalalang krisis ng pandaigdigang ekonomiya. Lumalabas rin na sensitibo sa publiko ang usapin ng pagtapak ng China sa teritoryo ng Pilipinas, at hindi rin naman nagbunga ng substansyal na pamumuhunan sa bansa. Pero higit sa lahat, doble ang pakinabang ni Bongbong Marcos sa patuloy na katapatan sa US – una, padron ang US sa pananatili ng kaniyang uuga-ugang pamamahala; at pangalawa, para sa pansariling interes ay pagkakataon ang pakikipag-malapitan sa US para mabura ang kaniyang kaso sa korte sa Amerika.

Sa wakas, nakatungtong din si Marcos Jr. sa Amerika, sa kabila ng *contempt order* ng korte ng US kaugnay sa *class suit* laban kay Ferdinand Marcos Sr. na isinampa ng mga biktima ng paglabag ng karapatang tao. Tinanggihang bayaran ito ni Marcos Jr. at Imelda Marcos, na sa ngayon ay umaabot na sa mahigit US\$353 milyon. Nakuha ni Marcos Jr. ang *immunity* sa pagkaka-

aresto sa US dahil sa pagkakahalal bilang presidente, at agad naman niyang ginamit ang pagdalo sa UN General Assembly bilang oportunidad na mabigyan nga siya ng immunity. Nakausap niya nang harapan si US President Joe Biden, at tahasang sinabi ni Bongbong Marcos na kailangan ng kaniyang administrasyon ang US para sa 'kapayapaan' sa rehiyon, na may pasaring sa panghihimasok ng China sa teritoryo ng bansa.

Mabilis na ring nagpursige ang US sa pagtutulak ng pampolitikang interes nito sa rehiyon, kung saan may estratehikong papel ang Pilipinas. Magkasunod nang bumisita si US Vice President Kamala Harris at Secretary Austin para ihanda ang entablado sa higit na panghihimasok ng US sa Pilipinas. Nagtalaga ng apat na panibagong agreed locations sa mga estratehikong bahagi ng Pilipinas, dagdag sa limang dati nang naitalaga. Asahan ang paglaki ng bilang ng mga tropang Amerikano sa bansa at ng mga gaganaping ehersisyong militar kasama ang sandatahang lakas ng Pilipinas. Asahan din ang paglaki ng bilang ng pang-aabusong militar at kaso ng mga paglabag sa karapatan ng mamamayan.

Ipinangangalandakan ng AFP at administrasyong Marcos Jr. na mangangahulugan ang bagong implementasyon ng EDCA ng dagdag pamumuhunan at tulong pang-ekonomiya at pang-militar ng US para sa Pilipinas. Pero hindi nila sinasabi sa publiko na walang binabayarang upa o buwis man lang ang US sa Pilipinas sa paggamit ng teritoryo nito, at ni walang pananagutan ang US sa mga pang-aabusong maaaring gawin ng mga sundalo nito sa kapaligiran man o sa mamamayan. Bagkus, ang gobyernong Marcos Jr. pa ang magbabayad sa anumang kapinsalaang dulot ng mga baseng pasilidad. Pagtapak ito sa soberanya ng bansa. Ito ay habang ginagawa ng US ang Pilipinas na lunsaran ng kaniyang agresyon sa rehiyon at *magnet* ng kapahamakan.

Ibang-iba raw si Bongbong kay Digong. Magiliw, madaling lapitan, at mabait kausap. Pero resulta lang ito ng *creative communications* (mapanlikhang komunikasyon) na pinagkakagastusan ng kampo ng mga Marcos, gamit ang pera ng bayan, para pagandahin ang imahe ng mga Marcos at masustini ito hanggang 2028. Ang totoo, hindi kayang pagtakpan ng creative communication ang ambisyon, pagka-dinastiko at elitista, kagahamanan at korapsyon, at panunupil ng rehimeng Marcos Jr.

Ang kaisa-isang patakaran na buong-sigla nitong pinagtulangang maipatupad, ang Maharlika Wealth Fund, ay halatang-halata na para sa pansariling interes nito at ng kaniyang pamilya, at sa pakinabang ng mga oligarko at naghaharing uri. Ipinakete pa ito na diumano'y sagot sa krisis. Makikita rin sa budget para sa 2023 ang pinakamalaking *pork barrel* sa kasaysayan. May Php807 bilyon na *unprogrammed funds* na tatlong beses ang laki sa nagdaang taon, at limang beses ang laki sa pinagsamang halaga noong 2017-2022.

Hindi siya iba kay Rodrigo Duterte. Sa katunayan, nakikinabang ang rehimeng Marcos Jr. sa pagpapatuloy ng mga batas ng panunupil (katulad ng Anti-Terror Law) at sa paggamit dito laban sa mamamayang naghahangad ng reporma. Habang pinananatili ng rehimeng Marcos Jr. ang magiliw o masayahin nitong imahe, tuloy-tuloy naman ang intimidasyon, *red-tagging*, pag-aresto at pagkulong sa gawa-gawang kaso, pagpapatahimik at *ensorship*, *extra-judicial killings*, at iba pang paraan ng estado para masupil ang nakikibakang mamamayan. Ang tanging paraan na lamang na mapanatili ng rehimeng Marcos Jr ang pagpapanggap sa harap ng naghihilab na poot ng mamamayan ay ang talamak na kampanya ng disimpormasyon.

## **4 Mayroon bang magagawa ang gobyerno sa ating mga problema?**

Ang kadalasang tugon ng administrasyong Marcos-Duterte kapag tinatanong ito kung paano haharapin ang patong-patong nating mga suliranin ay “wala tayong magagawa”, o kaya naman “ganyan din ang takbo ng pandaigdigang ekonomiya”, na para bang walang pagkakaiba ang nararanasan ng sambayang Pilipino sa ibang bansa.

Pero mas mabigat sa Pilipinas ang mga kaganapan sa daigdig. Pinakamataas ang implasyon sa atin sa Timog-Silangang Asya; numero uno tayo sa kawalan ng trabaho; isa sa may pinakamatataas na tantos ng kahirapan (maski pa napakababa ng pamantayan natin); at pinakamatagal ang panunumbalik ng ekonomiya sa antas nito bago magkapandemya. Nangyari sa atin ang pinakamalaking paglayo ng agwat ng mayaman sa mahirap sa halos buong mundo. May pananagutan ang gobyernong Marcos-Duterte sa mga ito; mayroon itong magagawa na hindi nito ginagawa.

Hindi uubra na palagi na lang iwas-pusoy ang gobyerno, laluna at hindi tumitigil ang pagpatong ng ating mga problema at araw-araw na nagpupuyos ang panlipunang ligalig. Katulad ng nabanggit, ito ang mahihirapang takasan ng rehimen – ang poot ng mamamayan – maliban na lang kung ilaladlad na nito ang tunay nitong mapanupil na karakter. Kaya naman, halimbawa, naglabas kamakailan ng *social media card* ang gobyernong Marcos-Duterte na may litrato ni Bongbong at Sara, at nagbabalangkas ng mga gagawin nito para mapigilan ang pagsirit ng presyo. Malaki pa ang mga litrato kaya sa letra ng mga gagawin. Diyan magaling ang kasalukuyang administrasyon – creative communication – maski kabaligtaran o wala namang gagawin sa totoong buhay.

May magagawa! At kapag sinasabi natin ito ay hindi lang dahil nangangarap tayo ng mas matinong gobyerno, bagamat sa puntong ito ay iyon nga dapat ang gawing aspirasyon ng mamamayan. Sinasabi natin ito para bigyang-diin na mayroon ngang magagawa ang kasalukuyang gobyerno.

Sa kagyat, kayang magbigay ng gobyernong Marcos Jr. ng substansyal na ayuda sa pinakamahihirap na 19-20 milyong pamilya. Kaya nitong magbigay ng sapat na suporta sa produksyon ng mga magsasaka, mangingisda, at maliliit na prodyuser at negosyante. Kaya nitong magbigay ng suporta sa mga manggagawang di-pormal o diskarte ang trabaho at hanapbuhay para paunlarin ang kanilang kabuhayan at produktibidad.

Nasa desisyon ng pamahalaan na isaayos ang pondo ng bayan palayo mula sa kurakot, imprastruktura na oligarkiya lang ang nakikinabang, pambayad sa utang na malalaking negosyo lang din ang tinutustusan, at militarismo na mamamayan lang ang kinakalaban. Kaya rin ng gobyerno na makipag-negosasyon sa mga nagpapautang para pagaanin ang pagbabayad ng bansa. Sa halip, kayang ibuhos ang mga pondong nabanggit sa pagbibigay-alwan sa naghihirap na mamamayan at para palakasin ang lokal na produksyon.

Sa kagyat, nasa posisyon din ang gobyerno na gawing mas makatarungan ang pagbubuwis sa bansa. Nasa desisyon nitong gawing mas progresibo ang pagbubuwis, ibig sabihin, mas nakatuon sa kita at yaman ng mayaman at korporasyon kaysa sa mga batayang konsumo ng mahirap. Responsibilidad ng gobyerno ang magpataw ng buwis sa umaapaw na yaman ng mga bilyonaryo nang sa gayon ay may magamit ang bayan sa pagpapasigla ng ekonomiya at



pagpapalawak ng serbisyo at proteksyong panlipunan, na parehong kagyat ding dapat gawin.

Hindi lang makalilikha ng mas malaking pondo para sa kaban ang progresibong pagbubuwis, kundi kagyat rin nitong mapabababa ang presyo ng batayang bilihin. Sa totoo lang, kaya rin ng gobyernong kontrolin ang pagsirit ng presyo, gamit ang mga batas na nariyan na o ang kapangyarihan ng Ehekutibo na magdeklara ng ganung pangangailangan.

Magagawa rin ng gobyernong Marcos Jr. na itaas ang sahod sa nakabubuhay na antas. Tumataas ang produktibidad ng mga manggagawa, subalit tubo at tantos ng tubo lang ang tumataas kasabay nito. Kayang mamagitan ng pamahalaan para sa substansyal at pambansang umento sa sahod. Katulad sa usapin ng pagbubuwis ng yaman, mas magiging komprontasyonal lang ang pamahalaan sa malalaking korporasyon at negosyante sa kanilang pambabarat sa manggagawa. At kayang gawin ito ng isang malakas na estado.

Sa pagpapalakas ng lokal na produksyon, bukod sa direktang suporta sa mga prodyuser ay magagawa rin ng gobyerno na itigil ang patakaran ng importasyon, simula sa pagkain at produktong agrikultural tungo sa mga intermedyang produkto na kakailanganin sa pagpapaunlad ng lokal na industriya. May mga batas ding nagbukas sa agrikultura at iba pang sektor ng ekonomiya sa importasyon na kayang-kayang repasuhin at iwasto. Nasa mga kamay din ng gobyerno na repasuhin o isuspinde ang mga kasunduan o batas na nagliberalisa ng kalakalan at pamumuhunan, ganundin sa pribatisasyon ng mga pampublikong serbisyo, na nagsadlak sa lokal na ekonomiya at industriya sa pagkabansot at pagkalugi. Kayang-kaya nga sana ng gobyernong Marcos Jr. na ideklara ang pambansang industriyalisasyon bilang estratehiya, pero maski nga ang salitang “industriyalisasyon” ay wala sa PDP.

Hindi totoong walang magagawa ang gobyernong Marcos-Duterte. Wala lang itong pagpapahalaga, talino at komitment sa tunay na pag-unlad. Abala at nahuhumaling lang ang mga ito sa kanilang pansarili at makauring interes, pananatili at ambisyon ng eternal na paghahari. Hindi ang mamamayan ang prayoridad ng kasalukuyang gobyerno, lalong hindi ang pag-unlad ng bansa para sa darating na mga henerasyon.

Kailangan natin ng matinong gobyernong gagawa ng mga totoong solusyon sa ating patong-patong na problema. Sinasabi nating matino dahil yayakap ito sa pangkalahatang prinsipyong gabay sa mga gusto nating hakbangin. Una sa mga prinsipyong ito ang pagkilala na kailangan talaga sa pag-unlad ang substansyal at malakas na interbensyon at suporta ng Estado, kaya mahalagang mapalakas ang papel ng estado.

Pangalawa, kailangan ding palakasin ang mga pampublikong institusyon para sa pag-unlad. Paganahin natin ang demokratikong pagpapalano ng lahat ng sektor ng mamamayan.

Pangatlo, nararapat na may malakihang pamumuhunan ang gobyerno para sa ekonomiya at masang anakpawis, at para ito sa layunin ng sustenableng agrikultura at pag-unlad sa kanayunan at pambansang industriyalisasyon.

Pang-apat, prinsipyong gagabay ang redistribusyon ng kita at yaman para pasiglahin ang paglago ng ekonomiya at paunlarin ang kagalingan ng mamamayan.

Panlima, gamitin ang mga nakakalap na pondo – utang man o pamumuhunan, o direktang mga buwis – para tustusan ang tunay na pag-unlad.

Pang-anim, prinsipyo ng matinong gobyerno ang balansyadong paggamit, paglinang at konserbasyon ng kapaligiran at likas-yaman para sa repormang agraryo, pag-unlad ng kanayunan, at pambansang industriyalisasyon.

Iluluwal pa lang ng puspusang pakikibaka ng mamamayan ang ganitong gobyerno, at kung ganon, mas lalo nating masasabi na mayroon ngang magagawa.



